WCB FACTS 2021

GAWAD PARA SA PERMANENTENG DI-BUONG KAHINAAN NG KAKAYAHAN (PERMANENT PARTIAL IMPAIRMENT O PPI)

Ano ang gawad para sa permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan (permanent partial impairment award o PPI)?

Kung ikaw ay nakapagpanatili ng isang pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho at, bilang isang resulta, ang isang bahagi ng iyong katawan ay hindi gumagana nang katulad ng dati bago mangyari ang pinsala, bilang karagdagan sa iba pang mga benepisyo ng WCB, maaari kang magkaroon ng karapatan para sa gawad na permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan (PPI). Ang gawad ay ibinibigay dahil ang paggana ay nasukat at nalamang permanenteng apektado ng pinsala.

Sa anong punto ng proseso ng aking paghahabol kayo magpapasya kung ako ay may permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan (PPI)?

Ang pagtatasa sa permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan ay hindi mangyayari hanggang ikaw ay gumaling hangga't maaari mula sa pinsala. Ang ilang mga kahinaan ng kakayahan ay makatarungang matatasa nang maaga kung ang kondisyon ay mabilis na tumatag (pinakamababang isang taon makalipas ang pinsala o operasyon).

Paano kayo magpapasya kung ako ay may permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan (PPI)?

Mayroong iba't-ibang paraan upang matiyak na ikaw ay may permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan (PPI). Sa ilang mga kaso, kailangang magkaroon ng isang propesyonal ng WCB sa pangangalaga ng kalusugan ang sumuri sa iyo. Ang aming mga propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan ay nagsasagawa ng isang pisikal na pagsusuri upang malaman kung ang iyong pinsala ay nagresulta sa isang pagkawala ng kakayahan sa paggawa.

Ang Mga Serbisyo ng WCB para sa Pangangasiwa ng Pag-aalaga sa Kalusugan (WCB Healthcare Management Services) ay maaari rin gumamit ng impormasyon mula sa iyong file o mula sa iyong doktor, kabilang ang ebidensya na malinaw na nagpapakita ng kahinaan sa kakayahan (tulad ng audiogram sa isang kaso ng pagkawala ng pandinig).

Sa sandaling ito'y mapatunayan na mayroon akong PPI, ano ang susunod na mangyayari?

Ang mga resulta ng pagrepaso sa file o pagsusuri ng propesyonal sa pag-aalaga ng kalusugan ang magpapasya sa antas o saklaw ng iyong kahinaan bilang isang porsyentong paggana ng iyong katawan sa kabuuan ayon sa aming Talaan ng Di-

buong Kahinaan ng Kakayahan. Halimbawa, ang kawalan ng bahagi ng hintuturo ay magiging antas ng kahinaan sa pagitan ng 1.0% hanggnag 7.0%, depende sa kung gaano ang Nawala sa daliri, habang ang kawalan ng paningin sa parehong mata ay 100% na antas ng kahinaan.

Ang mga kahinaan sa kakayahan ay itinuturing batay sa mga sumusunod (alinman sa hiwalay o sa kumbinasyon):

- kawalan ng bahagi ng katawan
- kawalan ng kakayahang igalaw ang mga kasu-kasuan
- kawalan ng pagganap ng organ, o
- pagkasira ng anyo ng katawan.

Sa sandaling ang iyong PPI ay naipasya, kami ay magtatalaga ng halaga ng dolyar sa antas.

Kung ikaw ay may kondisyon na dati nang naroon, ikaw ay karapat-dapat pa rin para sa isang gawad sa kahinaan ng kakayahan, gayunman, maaaring mas maliit ang halaga depende sa epekto ng kondisyon na dati nang naroon sa iyong permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan na may kaugnayan sa trabaho.

May kasama bang pera para sa pananakit at pagdurusa ang gawad?

Hindi. Ang WCB ay hindi nagkakaloob ng mga gawad para sa kahinaan ng kakayahan para sa pananakit at pagdurusa.

Ako ba ay tatanggap ng gawad para sa permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan nang buo (lump sum)?

Kung ang iyong pinsala ay naganap bago ang Enero 1, 1992, ang halaga ng gawad ay depende sa antas ng kahinaan ng kakayahan at ng iyong mga naka-indiseng kinita bago naganap ang pinsala. Ang buong halaga ng gawad ay magiging buwanang pensyon para.

Kung ang iyong pinsala ay naganap makalipas ang Disyembre 31, 1991, sa karamihan sa mga kaso ay matatanggap mo nang buo ang halaga.

Ang akin bang gawad para sa permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan o permanent partial impairment (PPI) ay kita na maaaring patawan ng buwis?

Hindi nabubuwisan ang mga benepisyo ng WCB, kabilang ang mga gawad ng PPI.

Kung ang iyong pinsala ay nangyari pagkatapos ng Disyembre 31, 1991, ang iyong benepisyo para sa permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan o permanent

partial impairment (PPI) ay hindi isasama sa pahayag ng mga benepisyo ng T5007 na ibinigay ng WCB.

Kung ang iyong pinsala ay nangyari bago ang Enero 1, 1992, ang iyong mga kabayaran para sa benepisyo sa permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan o permanent partial impairment (PPI) ay isasama sa pahayag ng mga benepisyo ng T5007 na ibinigay ng WCB dahil ang mga ito ay maaaring magkaroon ng mga implikasyon ng buwis sa iyo. Ang halaga ay isinama ng Canada Revenue Agency (CRA) sa iyong netong kita at ginagamit ito upang kalkulahin ang mga halagang tulad ng Canada child benefit, ang kredito ng GST/HST, muling pagbabayad ng sosyal na benepisyo at ilang hindi maaaring mabawi na mga kredito ng buwis.

Nakakaapekto ba ang mga benepisyo para sa parehong kahinaan ng kakayahan sa aking gawad na PPI mula sa WCB?

Ikaw ay may karapatan na kumolekta ng iba pang mga bayad para sa parehong permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan mula sa ibang mga programa sa seguro. Hindi namin ibabawas ang mga halagang ito mula sa iyong mga benepisyo o gawad.

Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa antas ng aking kahinaan ng kakayahan?

Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa antas ng kahinaan ng kakayahan na aming itinatag, ikaw ay maaaring umapela para sa desisyon na ito. Ipaliwanag sa amin, nang nakasulat, kung saan mismo sa tingin mo nagawa ang pagkakamali at kung anong mga dahilan mo binabatay ang iyong apela. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang Review Office na FAQ.

Ano ang mangyayari kung magbago ang aking kahinaan ng kakayahan?

Kung ang iyong kondisyon ay lumala pagkatapos naming mapagpasyahan ang antas, maaari mong hilingin mula sa amin na isaalang-alang muli ang antas ng iyong kahinaan ng kakayahan. Ang muling tasahan ay maaaring magbago upang sumalamin ang paglala o pagbuti ng iyong kahinaan ng kakayahan. Kung mayroong pagpapabuti, iyon ay tatandaan, at wala nang dagdag na allowance ang maaari pang bayaran. Kung mayroong paglala ng iyong kundisyon, isang pag-aayos ang gagawin sa iyong karapatan sa benepisyo sa kahinaan ng kakayahan.

Kami ay magsasagawa ng pagrepaso nang hindi mas maaga sa dalawang taon mula ng orihinal (o pinakabago) na pagpapasya.

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayon na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies*. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.